

BANDILANG PULA

Pahayagan ng Malayang Purok ng Diliman

Ika-12 ng Pebrero 1971

Editorial

Diliman: Pinto Ng Bagong Lipunan

Isang linggo na ngayon na buong pagmamalaking lumilipad sa itaas ng mga gusali ng Pamantasan ng Pilipinas ang mga bandilang pula na sagisag ng kalayaan ng Demokratikong Komunidad ng Diliman at ng patuloy na pakikibaka nito sa mala-piyudal at mala-kolonyal na sistemang umiiral ngayon sa Pilipinas.

Gayong unti-unti nang pinapanumbalik ang normal na kalagayan sa kampus, nalalaman ng lahat na hindang hindi na magiging katulad ng dati ang Diliman. Ang mga bakas ng barikada, ang amoy ng tear gas at gasolina, ang sigawan ng pagtutunggali—lahat ito ay patuloy na mararamdaman ng mga naririto, hindi mapupuknat sa kanilang mga kaisipan. Ang lupa ng Diliman ay dinilig na ng dugo ng mga bayaning nangabuwal na nagtatanggol sa mga demokratikong karapatan ng mga mamamayan. Ang talaan ng kasaysayan ay nadagdagan ng ilan pang mga pahina.

Ano ang ihahalol ng kasaysayan sa mga pangyayari rito sa Diliman nitong nakaraang linggo? Ano ang sasabihin ng kasaysayan tungkol sa bandilang pula na nakasaksi sa lahat ng ito?

(Sundan sa pahina 8)

Commune 'Normalized' To Consolidate Gains

The Provisional Directorate has presented the following 8 demands in return for the lifting of the barricades and in taking the initiative for the "normalization" of the university situation:

- 1) Rollback of prices of gasoline and other oil products,
 - 2) Guarantee against any military and police invasion of the university,
 - 3) Justice for Pastor Mesina, Bello, Delfin and for those who were injured during the period of the barricades and military aggression,
 - 4) Free use of the DZUP radio station,
 - 5) Free use of the UP Press,
 - 6) Prosecution and dismissal of Inocentes Campos,
 - 7) Investigation of the U.P. Security Police especially of Oscar Alvarez; prosecution and dismissal of all U.P. officials and security police who collaborated with the Military invasion of the campus and those
- (Continued on page 7)

Ang Leksyon Ng Pakikibaka

Bago pa man ibaba ang senyal ng pagtatapos ng ating barikada ay nararapat lamang na pag-aralan natin ang mga leksiyon nito upang habang malinaw pa sa ating ala-ala ang mga mabibilis na pangyayari noong mga nakaraang araw ay maging gabay naman natin ito sa pagtatatag ng mga komyun sa susunod pang mga araw.

Ang teritoryo ng UP sa Diliman ay maraming kagalingan kaysa ibang lugar para sa pagtatatag ng isang malayang purok sa estilo ng isang komyun. Ito ay may malawak na kapaligirang pangharap na bakante sa mga kabahayan, samantalang ang kanyang likuran ay may mga base ng populasyon na maaaring pagtaguan sa panahon ng pananalakay mula sa labas. Sa gitnang bahagi ng kampus ay may matataas na gusali na nagsisilbing taliba upang matanawan ang mga paglusob. Kaya't sa kanyang kabuuan, ang pangyayaring ito ay mabuti sa mga rebusyunaryong mga mag-aaral upang makapagtayo ng isang baseng pangkultura. Ang mga suliranin

(Sundan sa pahina 6)

Larawan ng Bandilang Pula, ang pahayagan ng Diliman Commune, mula sa OICA files

Ang pamana ng Diliman Commune



Isang 'di malilimutang yugto sa kasaysayan ng Unibersidad ng Pilipinas (UP) at ng bayan ang Diliman Commune.

Ang pagbalik-tanaw at paghimay ng kahalagahan nito sa lipunan ang binigyang-pansin ng webinar na “Celebrating the Legacy of the Diliman Commune,” ang unang bahagi sa Talastasan sa Kasaysayan ng Departamento ng Kasaysayan noong Pebrero 2, 2 n.h. Itinampok nito ang dalawang saksi at aktibong kalahok sa Diliman Commune, sina dating Kalihim ng Department of Social Welfare and Development at Professor Emerita Judy M. Taguiwalo at batikang manunulat Bonifacio “Boni” Ilagan.

Ang Diliman Commune ay isang pagkilos ng mga estudyante ng UP Diliman (UPD) noong Pebrero 1-9, 1971. Nagsimula bilang boykot ng pakikiisa sa welga ng mga dyipni drayber na tumututol sa pagtaas ng presyo ng langis at gasolina, ito ay tumagal ng siyam na araw dahil sa pagbabago ng klima ng boykot nang mabaril ang estudyanteng si Pastor “Sonny” Mesina Jr. na kasama sa kilos protesta. Nauwi sa pagkakaroon ng mararahas na engkwentro ng mga estudyante, at ng mga pulis at militar na layuning itigil ang protesta. Ang pagpigil sa protesta ay itinuring na pagpigil sa kalayaang akademiko ng UPD.

MAGKATULAD NA USAPIN. Magkahalong galak, lungkot at galit ang naramdaman ni Taguiwalo habang ginugunita ang Diliman Commune. Nagagalak siya sa opisyal na pagkilala ng UP sa makasaysayang papel ng Diliman Commune sa militanteng tradisyon ng UP, ngunit magkahalong lungkot at galit din ang kanyang nararamdaman sa mga isyung kinakaharap ng bayan na hawig sa mga isyu noong dekada '70.

“Patuloy nating ginugunita ang makasaysayang papel ng Commune sa militanteng tradisyon ng ating pamantasan at opisyal na kinikilala ng unibersidad ang kahalagahan ng Diliman Commune. Pero nalulungkot

ako at nagagalit dahil kinakaharap pa rin natin ang halos magkatulad na usapin noong 1971: pagtaas ng presyo ng gasolina at mga bilihan; ang usapin ng malawakang paglabag sa karapatang pantao at namumuong diktadura; at ang muling pag-atake ng pulis at military sa awtonomiya, kalayaang akademiko at teritoryo ng UP nating mahal sa unilateral na pagpapawalang-bisa sa UP-DND Accord ng 1989 at ang walang habas na red-tagging sa ating unibersidad at sa marami pang unibersidad sa buong bansa. Ang bago ngayon ay nasa gitna pa rin tayo ng COVID-19 pandemya at halos mag-iisang taon ng lockdown sa iba't ibang antas, ang pagbulusok ng ating ekonomiya at ang ating mga driver na dahilan ng pakikiisa ng mga kabataan noong 1971 ay mas masahol ang kalagayan ngayon,” ani Taguiwalo.

MILITANTENG PAGKAKAISA AT PAGKILALA SA ILANG TAUHAN. Para kay Taguiwalo, ang siyam na araw na pagtagal ng Diliman Commune ay tanda ng tagumpay at malawak na suporta sa pagkilos, bagaman may mga pagtutol mula sa ilang grupo ng mga guro at mga mag-aaral.

Isinalaysay din niya ang mahahalagang kontribusyon nina Pangulong Salvador P. Lopez ng UP at Dean of Students Armando Malay sa naratibo ng Diliman Commune.

“Makabuluhan ang papel ni Salvador P. Lopez sa pagdepensa sa integridad ng UP at sa pagtutol sa pagsalakay at presensya ng military sa kampus. Napanday si President Lopez sa demokratikong pagtugon at sa mga kolektibong aksyon ng mga estudyante. Wala pa siyang isang buwan sa pagkapresidente nong Enero 1969 ng sinalubong na siya ng pangkalahatang welga sa UPD. Matapang din siyang tumindig sa marahas na pagbuwag ng demonstrasyon noong Enero 26, 1970 noong First Quarter Storm at nagmartsa pa nga kasama ang kaguruan para makipagdayalogo kay (Pangulong Ferdinand) Marcos sa Malacañang,” sabi niya.

Nabanggit niya si Malay na kalmado at maunawaing hinarap ang mga nag-aaklas na mga estudyante, ang pagsuporta nito sa ipinaglalaban nila, maging ang kanyang pagtulon sa mga communards.

Naroon din ang mga fakulti na malikhaing gumawa ng mga armas pananggalang tulad ng self-igniting Molotov bombs at mga kwitis; at ang mga kababaihang estudyante na karamihan ay unang naranasan “ang karahasan ng estado sa pagsalakay sa kampus at sa mga dorm” na tumalikod sa mga dating pananaw sa kanila bilang “pangdekorasyon sa mga tradisyonal na aktibidad ng UP tulad ng Cadena de Amor at Lantern Parade.” Sila ay nagkapit-bisig kasama ang mga kalalakihan at naging communards na handang idepensa ang unibersidad.



Mga communards sa Palma Hall na pinapasa ang mga silya upang gamiting barikada



COURTESY: PHOTO: BONI ILLMAN



Ilagan sa harap ng AS steps



“Naging mahalaga ang iba’t ibang porma ng pangkulturang protesta at pagpapaabot ng mensahe tulad ng paggamit ng radyong DZUP, ang publikasyon ng Bandilang Pula, mga wall poster para maipagtanggol ang Diliman Commune at (maiparating ang mga) kahilingan nito,” ani Taguiwalo.

ARAL NG DILIMAN COMMUNE. Ang kahandaan ng Unibersidad na tumindig sa anumang anyo ng tiraniya at diktadura ang mahalagang aral ng Diliman Commune para kay Taguiwalo.

Kanyang idinagdag na huwag hayaan ang pananahimik sa gitna ng mga isyung kinakaharap ng UP, kabilang na ang red-tagging, ang Anti-Terror Law at ang “kaliwa’t kanang pagtanim o paggawa ng kaso lalo na sa mga kritiko ng pamahalaan.”

“Ang atake sa University ay nagiging atake sa buong bayan (sa kanyang) demokratikong karapatan. Ang atake sa akademikong kalayaan ay atake sa lahat ng kalayaan natin,” ani Taguiwalo.

Sinabi ni Taguiwalo na matapos maganap ang Diliman Commune, sinuspinde ang Writ of Habeas Corpus noong Agosto 21, 1971 at sinundan ito ng pagdeklara ng Batas Militar noong Setyembre 21, 1972.


Ayon sa The LAWPHiL Project (https://www.lawphil.net/judjuris/juri1951/oct1951/gr_1-4855_1951.html), ang writ of habeas corpus ay binalangkas bilang agaran at mabisang lunas sa mga taong ikinulong ng labag sa batas. Ito ay itinuturing na mabisa at natatanging depensa ng personal na kalayaan. Ito ang nagbibigay katiyakan sa isang bilanggo ng kanyang karapatan na masuri ang dahilan ng kanyang pagkabilanggo sa harap ng korte ng hustisya, upang malaman kung tunay nga na may paglabag sa batas ang kanyang pagkakakulong. [The writ of habeas corpus was devised and exists as a speedy and effectual remedy to relieve persons from unlawful restraint, and as the best and only sufficient defense of personal freedom. (Villavicencio vs. Lukban, 39 Phil., 778,788.) It secures to a prisoner the right to have the cause of his detention examined and determined by a court of justice, and to have ascertained if he is held under lawful authority. (Quintos vs. Director of Prisons, 55 Phil., 304, 306.)]

“Ang pagtatanggol sa Unibersidad sa kaibuturan ay pagtatanggol sa karapatang sibil, karapatang pampulitika at karapatang ekonomiya para ang bayan natin ay mamuhay nang matiwasay,” ani Taguiwalo.

Samantala, ang pamana o aral ng Diliman Commune para kay Ilagan ay ang pagsasa-kongkreto ng panawagang “Makibaka! Huwag matakot.”

“It was an act of defiance noong panahon namin,” pag-amin ni Ilagan, “at ang defiance ay may pinagmulan.”

Ani Ilagan, taliwas sa katotohanan ang sinasabi ng iba na ang Diliman Commune ay isang adbenturistang pagkilos lamang.



Ilagan

“Maaari itong isipin kung ang mga aktibista noon ay mga rebel without a cause. We were rebels in our own right, but we had a cause. May causa at malinaw sa amin ang causang iyon. Sa madaling sabi, hindi namin ginawa ang defiance for the simple reason that we wanted to defy, wanted to be defiant. May mga usapin na kailangan pagkakitaan ng defiance, na sinasabi nga ng panawagang Makibaka! Huwag matakot,” pagtatanggol ni Ilagan.

PATULOY ANG KATUTURAN. Aniya, ang Diliman Commune ay isang pangyayari sa kasaysayan kung saan naiugnay nila ang mga isyu ng panahong iyon “sa mga ugat ng kahirapan, sa ugat ng walang kaunlaran at sa aking palagay dahil doon nagkaroon ng igpaw ang kamulatan/kamalayan ng aking henerasyon at ng maraming mamamayan na naabot ng Diliman Commune.”

“Bukod sa panawagan na magkaisa ang UP, nanawagan din kami upang sumuporta ang taong bayan sa labas ng kampus sapagkat ang aming tingin ay it had become more than a UP event,” ani Ilagan.

Ayon kay Taguiwalo, ang mga pagsagot ng mga opisyal sa student leaders ng UP ngayon sa mga akusasyong ibinabato sa UP tulad ng pakikisimpatiya sa mga nais magpabagsak sa gobyerno, at sa “mga aktwal na pagkilos ng komunidad ng UP kahit sa harap ng pandemya, sa harap ng restrictions sa mobility, ang s’yang patunay na buhay na buhay ang diwa ng Diliman Commune.”

PAALALA AT HAMON. Nais nina Ilagan at Taguiwalo na panatilihin ang diwang lumalaban at hindi nanahimik sa mga usaping may kinalaman sa kapakanan at kalayaan ng Unibersidad at ng bayan.



Taguiwalo

“Walang masama sa ating paglaban hangga’t may tiwali ang ating lipunan,” saad ni Ilagan. “Kaya ang barikada’y lubha pang itatag, matibay, matikas, higit pang mataas. Tuloy sa paglaban!”

“Magsuri. Lumaban. Baguhin ang lipunan. Defend UP. Uphold academic freedom. Fight back versus state terror. UP fight!” pagtatapos ni Taguiwalo.

‘DI MATATAWARANG AMBAG. Samantala, ayon sa Tagapangulo ng Departamento ng Kasaysayan Neil Martial Santillan, hindi matatawaran ang ambag ng mga aktibistang kabataan dahil sa naluwal na samu’t saring pagbabago sa loob at labas ng UP.

“Sa kabuuan, hinamon ng Sigwa at barikada ng kabataan ang kinagisnang pananaw at pamamaraan sa pamumuno, lipunan, kultura at kapangyarihang bayan,” ani Santillan.

Sinabi rin niya na bilang tugon sa hamon ng kabataan na lumahok ang mga negosyante sa pakikibaka (lumahok sa First Quarter Storm), lumitaw ang ideya ng Corporate Social Responsibility (CSR) na nagbigay-daan sa pagkakatatag ng Philippine Business for Social Progress bago pa matapos ang 1970.

“Nawa’y magsilbi ang ating webinar bilang plataporma sa pagkilala ng mahaba at makabuluhang kasaysayan ng pakikibaka ng kabataan at sambayanan upang maitaguyod ang isang lipunang marangal, mapagkalinga at demokratiko,” saad ni Santillan.

Ang Talastasan sa Kasaysayan ay bahagi ng UP Diliman Arts and Culture Festival 2021 na pinamagatang “Engkwentro: Barikada Singkuenta at ika-500 taon ng Pagtatagpo ng Pilipinas at Espanya.”

Kasama rin sa webinar sina Prop. Ferdinand Llanes, PhD bilang moderator at Bianca Roque at Patrick James Serra, mga tagapagpadaloy.